## ENGLISH

### A

Abad, Gemino H., and Mookie Katigbak-Lacuesta, editors. *The Achieve of, the Mastery: Filipino Poetry and Verse from English, Mid-'90s to 2016*, University of the Philippines Press, 2018. [POETRY, ANTHOLOGY]

This two-volume anthology is a sequel to *A Habit of Shores* published in 1999. This book aims to present a landscape of Philippine literary history and culture through poetry.

Abreu, Lualhati M. *Dusking, Dawning (Agaw-Dilim, Agaw-Liwanag).* Translated by Bonifacio P. Ilagan, University of the Philippines Press, 2018. [AUTOBIOGRAPHY, TRANSLATION]

Ten years after the publication of *Agaw-Dilim, Agaw-Liwanag*, the English translation of this book was released. This book is an autobiography that chronicles Lualhati Abreu's experiences as an activist and revolutionary.

Arceo, Liwayway. *Canal de la Reina: A Novel by Liwayway Arceo*. Translated by Soledad S. Reyes, Ateneo de Manila University Press, 2019. [NOVEL, TRANSLATION]

Originally written in Filipino by multi-awarded fictionist Liwayway Arceo, *Canal de la Reina* undertakes the issue of poverty and exploitation. In this novel, Arceo perfectly demonstrates how the physical setting can also act as a character.

### D

Dalisay, Jose Jr. *Voyager and Other Fictions*. Anvil Publishing, 2019. [SHORT STORY, ANTHOLOGY]

This book is a collection of forty-three stories that Jose Dalisay has written in more than four decades. Included in the book are some of the stories from *Oldtimer and Other Stories* and Dalisay's novel in progress.

de los Angeles, Servando. *The Last Timawa: A Novel by Servando de los Angeles*. Translated by Soledad S. Reyes, Ateneo de Manila University Press, 2019. [NOVEL, TRANSLATION]



likhaan 13 inside pages 102419.indd 279 10/25/2019 2:07:16 PM

*The Last Timawa* transpires during the American occupation in the Philippines. Servando de los Angeles merges fiction and historical references not just to expose the social problems in the country, but also to present ideas on how the Filipinos can obtain freedom.

de Vera, Ruel S. *Each Sold Separately*. University of Santo Tomas Publishing House, 2018. [POETRY]

*Each Sold Separately* showcases Ruel De Vera's best works from his two other collections of poetry. This book also features his new poems that exhibit his mastery in his craft.

**F**

Fabian, A. C. *Timawa: A Novel by A. C. Fabian*. Translated by Soledad S. Reyes, Ateneo de Manila University Press, 2019. [NOVEL, TRANSLATION]

A. C. Fabian's *Timawa* interrogates the definition of "timawa," a precolonial term meaning "free men". In his novel, Fabian highlights the Philippines' experience of colonialism, war, poverty, and discrimination in explaining how this word evolved throughout history.

Fabregas, Paolo. *The Filipino Heroes League Book Three: Revolution*. Visprint, 2019. [COMICS]

This is the third and last book from Paolo Fabregas' trilogy. *The Filipino Heroes League Book Three: Revolution* features a group of superheroes that battle against evil using weapons that are "truly Pinoy."

Francisco, Lazaro. *The World is Still Beautiful*. Translated by Mona P. Highley, Ateneo de Manila University Press, 2019. [NOVEL, TRANSLATION]

Lazaro Francisco's *The World is Still Beautiful (Maganda Pa Ang Daigdig)* is not the typical "*socialist* novel brimming with ideas from socialist thinkers," as mentioned by Soledad S. Reyes, in her introduction. This novel seamlessly interweaves two significant narratives: the story of Lino Rivera who came from a family of peasants, and the history of feudalism in the country.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 280 10/25/2019 2:07:16 PM

## G

Gomez, Nikki R. *Through The Years, Gently*. University of the Philippines Press, 2019. [ESSAYS ANTHOLOGY]

Nikki Gomez's third book is about his ruminations in life. His essays are a recollection of his past experiences in Mindanao and a passage to his optimistic future.

Gourlay, Candy. *Bone Talk*. Anvil Publishing, 2018. [NOVEL]

Candy Gourlay's third young adult novel follows the story of Samkad from Cordillera. More than a coming-of-age narrative, this novel also presents a piece of Philippine history—the unheard story of the invaded Bontok tribe during the American occupation.

Groyon, Vicente G., et al. *Una Querencia Tengo Por Tu Acento: Four Writers in Search of Miguel Hernandez*. De La Salle University Press, 2019. [ESSAY]

In collaboration with Instituto Cervantes de Manila, this book highlights the bond of the Philippines with Spain through literature. It contains four essays from four different writers tracing the history and impact of the poet Miguel Hernandez in several places in Spain.

## H

Hau, Caroline S. *Tiempo Muerto*. Ateneo de Manila University Press, 2019. [NOVEL]

Caroline Hau's first novel tells the story of two women who came from two opposing social classes. *Tiempo Muerto* (Dead Time) astutely weaves the lives of these characters in revealing the issues of power struggle.

Hau, Caroline S. *Demigods and Monsters: Stories*. University of the Philippines Press, 2019. [SHORT STORY, COLLECTION]

*Demigods and Monsters: Stories* is Caroline Hau's second book of short fiction. This collection of stories takes inspiration from different mythologies in the Philippines, America, and other Asian countries.

Hidalgo, Cristina P. *Collected Stories & Tales*. University of Santo Tomas Publishing House, 2019. [SHORT STORY]



likhaan 13 inside pages 102419.indd 281 10/25/2019 2:07:16 PM

This book containing several of Cristina Pantoja Hidalgo's greatest published works exhibit not only her brilliance in storytelling, but also her growth as a writer.

**K**

Katigbak-Lacuesta, Mookie. *Eros Redux*. Good Intentions Books, 2019. [POETRY]

Mookie Lacuesta-Katigbak reexamines her first collection of poetry in her latest book, *Eros Redux,* which gives a fresh perspective on the poems she has written for the past six years.

**L**

Lacuesta, Angelo R. *City Stories*. Ateneo de Manila University Press, 2019. [FICTION]

Angelo Lacuesta's newest book is a collection of stories he has written for over twenty years. While Lacuesta tells stories of the different cities he has visited, the readers have the opportunity to immerse themselves in these places too.

**M**

Merina, Dorian S. *Di Achichúk: Poems and Images from Batanes*. Ateneo de Manila University Press, 2019. [POETRY]

The title of the book, *Achichúk,* also refers to Dorian Merina's hometown. Poems from this collection reflect the beauty of Batanes and the colorful culture of the Ivatans.

**N**

*Narito: Essays on Place*. Taftique, Inc., 2018. [ESSAY]

*Narito* is a collection of personal essays that touches on the link between memories and place. The book features essays written in English and Filipino by members of Taftique: Vijae Alquisola, Genevieve Asenjo, Jophen Baui, Kei Bughaw, Adrian Ho, Ma. Antonette Lofamia, Clarissa Militante, Krezta Rae Palces, Josephine Roque, and Dorynna Zyneensky Untivero.

**O**

Ordoñez, Elmer A. *The Saga of the Fugitive Indio Priest: A Novella*. Ateneo de Naga University Press, 2019. [NOVELLA]



likhaan 13 inside pages 102419.indd 282 10/25/2019 2:07:16 PM

This novella is based on the true story of Don Lino Alindogan, a secular priest in Naga, who left the priesthood after being wrongfully charged with theft by the Augustinian head priest.

**R**

Rosca, Ninotchka. *Stories of a Bitter Country*. Anvil Publishing, 2019. [SHORT STORY]

Ninotchka Rosca's newest book tells different stories of people living in various parts of the country who all struggle to live a life of peace.

**S**

Santos, Aida F. *Mangled Mornings: Selected Poems*. Gantala Press, 2019. [POETRY]

Aida Santos wrote the poems included in this collection for more than fifty years. This book features Santos's respect for nature and her reverence to her fallen comrades in the revolutionary movement.

**T**

Topacio Jr., Teodulo M. *A Split Second in Time: My Life, Times, and Works*. University of the Philippines Press, 2018. [NONFICTION PROSE]

This book is the autobiography of Teodulo Topacio Jr., one of the Philippines' National Scientists for Veterinary Medicine. This book does not only shed light on the significant, yet unknown contributions of Topacio; it also celebrates the life of a scientist who lived "a split second in time."

**V**

Vega, Joel H. *Drift*. University of Santo Tomas Publishing House, 2019. [POETRY]

This collection of poetry pays attention to the things that people frequently fail to notice. Joel Vega attempts to show that the ordinary can be extraordinary.

Villanueva, Virginia M. *Tales from the Southern Kingdom*. Ateneo de Manila University Press, 2019. [FICTION]

This book is a collection of stories (tales, legends, and historical narrative) from Mindanao. Virginia Villanueva's retelling of these old stories paves way for



likhaan 13 inside pages 102419.indd 283 10/25/2019 2:07:16 PM

the exposure of present generation to the rich culture of the Tausug and Sama people.

## Y

Yabes, Criselda. *Broken Islands*. Ateneo de Manila University Press, 2019. [FICTION]

*Broken Islands* highlights the aftershock of the Typhoon Yolanda. This novel attempts to present class and gender inequality issues by interweaving the experiences of two women who experienced the catastrophe.

## FILIPINO

## A

Abrera, Manix. *Kiko Machine Komix Blg. 14: Alaala ng Kinabukasan*. Visprint, Inc., 2018. [KOMIKS]

Kabilang ang aklat na ito sa listahan ng mga finalist para sa kategoryang Graphic Literature sa ika-38 na National Book Awards. Sa ika-14 na aklat ng seryeng *Kiko Machine Komix,* patuloy na itinatampok ni Abrera ang makulay na buhay-estudyante sa kolehiyo.

Abrera, Manix. *Bertong Badtrip*. Visprint, 2019. [COMICS]

Tampok sa koleksiyon ng mga komik istrip na ito ang tauhang si Bertong Badtrip na unang sumikat sa *Kikomachine Komix*. Sa kabila ng pagiging laging "bad trip" ni Berto, naipakikita nito sa mga mambabasa ang paghahangad niyang magkaroon ng pagbabago sa kaniyang paligid.

Abueg, Efren R. *Plakard*. Balangay Productions, 2019. [MAIKLING KUWENTO]

Ang *Plakard* ang ikatlong aklat ng maiikling kuwento ni Abueg. Pinatutunayan ni Abueg sa kaniyang koleksiyon na napapanahon ang paglilimbag ng kaniyang mga kuwentong nagtatampok sa lakas at bisa ng aktibismo lalo sa panahon ng Batas Militar.

Aguinaldo, Dennis S. *Bukod sa Maliliit na Hayop: Mga Tula*. University of the Philippines Press, 2018. [TULA]

Malaking impluwensiya sa mga tula sa koleksiyong ito ni Dennis Aguinaldo ang mga



likhaan 13 inside pages 102419.indd 284 10/25/2019 2:07:16 PM

trahedyang dumaan sa kaniyang buhay. Itinuturing na kakaiba ang pananalinhaga ni Aguinaldo dahil nagmumula ito sa karanasan ng pagkawasak at konsepto ng kawalan.

Arguelles, Mesandel V. *Mujeres Publicas*. Balangay Productions, 2019. [TULA]

Ikatlong aklat sa "Talik Trilogy" ang *Mujeres Publicas* na pumapaksa sa katawan at mga pangangailangan ng katawan. Maituturing ding pagmumuni ang koleksiyong ito ng may-akda tungkol sa usapin ng pakikipagtalik at prostitusyon.

## B

Barbaza, Raniela E. *Mga Osipon ni Ana T. Calixto: Paggiit ng Sadiring Banwa sa Osipon, Maikling Kathang Bikol, 1950-1956*. Ateneo de Manila University Press, 2018. [MAIKLING KUWENTO, SALIN]

Sa aklat na ito, hindi lamang nabibigyang-daan ni Raniela Barbaza ang pagpapakilala sa mga osipon o maiikling katha ni Ana T. Calixto sa mas maraming Pilipino. Lunsaran din ang mga kathang ito upang higit na masiyasat at maunawaan ang konsepto ng banwa at bayan.

Bonus, Rommel F. *Ilang Bitbit sa Pagsagip sa Sarili*. Hinabing Salita Publishing House, 2018. [SANAYSAY]

Laman ng aklat na ito ang mga personal at impersonal na sanaysay na nagbibigay-halaga sa mga pangkaraniwang karanasang kadalasang hindi na pinagtutuunan pa ng pansin.

## C

Castillo, Paul A. *Walang Iisang Salita*. University of Santo Tomas Publishing House, 2018. [TULA]

Binubuo ng 41 tula, ang kauna-unahang aklat ni Paul Castillo ay naglalantad ng malagim na katotohanan sa kalagayang pampolitika ng bansa sa kasalukuyan.

Cimatu, Frank. *Ang mga Prusisyong Dumaan sa Unang Bangungot*. Ateneo de Naga University Press, 2018. [TULA]

Tinitipon ng aklat na ito ang 88 sa mga tula ni Frank Cimatu na naisalba mula sa



likhaan 13 inside pages 102419.indd 285 10/25/2019 2:07:16 PM

tuluyang pagkawala. Kabilang sa koleksiyon ang mga tulang nagwagi ng unang gantimpala sa Don Carlos Palanca Memorial Awards noong 1991.

Cordero, Kristian S., at Jaroslav Olsa Jr., mga editor. *Malikmata: Mga Kuwentong Kababalaghan Mula Czech Republic*. Ateneo de Naga University Press, 2018. [MAIKLING KUWENTO, SALIN]

Binubuo ang koleksiyong ito ng 12 maiikling kuwento ng iba't ibang manunulat mula sa Czech Republic na isinalin sa Filipino. Layunin ng aklat na itong higit na mapagyaman ang wikang Filipino sa pagbubuklod ng iba't ibang naratibo at kultura.

**D**

De Leon, Jay B., et al. *Kislap-Diwa: Mga Pagmumuni sa Panitikan, Pelikula, at Kultura*. Pinamatnugutan nina EJ Bolata at John Patrick Manio. Hinabing Salita Publishing House, 2018. [KRITISISMO]

Binubuo ng mga kritikal na sanaysay ang aklat na ito mula sa mga bagong manunulat na nakatuon sa pagpapalawak at pagpapalalim ng panunuri at pananaliksik na may kaugnayan sa panitikan, pelikula, at kulturang Pilipino.

Derain, Allan R. *The Next Great Tagalog Novel at Iba Pang Kuwento.* University of the Philippines Press, 2019. [MAIKLING KUWENTO]

Ang *The Next Great Tagalog Novel at Iba Pang Kuwento* ay ikalawang koleksiyon ng maiikling kuwento ni Allan Derain. Naglalaman ito ng siyam na kuwentong itinuturing ng may-akda bilang "pagkukuda ng [kaniyang] mga hinanakit."

**E**

Eliserio, U Z. *Apat na Putok*. Polytechnic University of the Philippines Press, 2019. [MAIKLING KUWENTO]

Nilalaman ng aklat na ito ang mga eksperimental na maikling kuwento ni U Eliserio. Ang mga kuwento sa koleksiyong ito ay humahamon sa pangkaraniwan, sa nakasanayan, at mga kumbensiyong umiiral sa lipunan.

Eliserio, U Z., et al. *Kolab: Koleksiyon ng mga Dula*. The University of the Philippines Press, 2018. [DULA]



likhaan 13 inside pages 102419.indd 286 10/25/2019 2:07:16 PM

Ang *Kolab* ay nalikha bunga ng pakikipagtulungan ni U Eliserio sa mga kapwa manunulat na sina Maynard Manansala at Chuckberry Pascual. Koleksiyon ito ng mga dulang pinag-uusapan ang iba't ibang mabibigat na usaping panlipunan na itinatanghal sa paraang kakatawa.

**F**

Foja, Xeus D. C. *Kung Saan Mang Dulo*. Hinabing Salita Publishing House, 2018. [TULA]

Umiinog ang mga tula sa koleksiyong ito ni Fojas sa konsepto ng paningin, pananaw, at pagtula. Gayundin, tinatangkang tuklasin sa mga tula kung gaano kalawak ang kayang saklawin ng tatlong nabanggit.

**G**

Gonzales, Vladimeir B. *LAB: Mga Dulang Adaptasyon at Iba pang Laro para sa mga Klaseng Panlaboratoryo*. University of the Philippines Press, 2019. [DULA]

Ang aklat na ito ay naglalaman ng apat na dulang halaw sa mga kilalang akdang kanluranin. Tatlo rito ay naisaentablado na ng UP Dulaang Laboratoryo, habang ang isa naman ay isinulat upang masubukan ng ibang grupong panteatro ang isang materyal na hindi pa naitatanghal.

Gonzales, Vladimeir B. *Mga Tala ng Isang Super Fan*. University of the Philippines Press, 2019. [TULA, MAIKLING KUWENTO]

Nahahati sa dalawang pangunahing bahagi ang aklat na ito: fan poetry at fan fiction. Mapangahas ang aklat sapagkat inihahain nito sa mga mambabasa ang mga akdang dati nang naisulat ngunit may bagong bihis, at bagong sinasabi.

Guinto, P. D. *Ako ang Bayan*. Guhit ni Manix Abrera. Adarna House, Inc., 2019. [PANITIKANG PAMBATA]

Ang 28 pahinang aklat na ito ay naglalaman ng makabuluhang mensahe para sa mga batang mambabasa. Sa pagsasalikop ng mga salita at guhit, higit na epektibong naipaliliwanag ang tungkol sa demokrasya at pagkamakabayan sa mga batang mambabasa.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 287 10/25/2019 2:07:16 PM

**H**

Hernando, Pauline Mari. *Lorena: Isang Tulambuhay*. University of the Philippines Press, 2018.[TALAMBUHAY]

Pagsasanib ng tula at buhay ng manunulat at aktibistang si Lorena Barros ang tampok sa aklat na ito. Hindi lamang ito basta pagsasalaysay ng kuwentong-buhay kundi pagsisiyasat na rin sa naging ambag ni Barros sa kilusan, sa panitikan, at sa lipunan.

**K**

Katipunan ng mga Lehitimong Magsasaka at Mamamayan sa Lupang Ramos (KASAMA-LR). *Lupang Ramos: Isang Kasaysayan.* Gantala Press, Inc., 2019. [ANTOLOHIYA, SALAYSAY]

Tampok sa aklat na ito ang mga personal na salaysay ng 20 babaeng magsasaka sa Lupang Ramos sa Dasmariñas, Cavite. Nagsisilbing kasangkapan ng pakikibaka ang aklat na ito upang makamit ng mga mambubukid ang tunay na reporma sa lupa.

**L**

Labang, Natalie P. *Alikwat*. Hinabing Salita Publishing House, 2018. [TULA]

Gaya ng pamagat ng aklat, ang kalipunang ito ng mga tula ay produkto ng pag-alikwat ng makatang si Natalie Labang sa mga alaalang nakapaloob sa mga dati pang naisulat na tulang inaakalang nalimot na.

Larra, Lola. *Sa Timog ng Alameda: Talaarawan ng Isang Pag-okupa*. Guhit ni Vicente Reinamontes. Anino Comics (Adarna House, Inc. Imprint), 2019. [GRAPHIC NOVEL, SALIN]

Kombinasyon ng nakasulat at nakalarawang kuwento ang salin ng nobelang *Al Sur de la Alameda*. Kinasangkapan dito ang talaarawan bilang batis ng naratibo na siya ring nagsasakasaysayan sa protesta ng mga estudyante sa kasagsagan ng Penguin Revolution noong 2006 sa Chile.

**M**

Magtira, Paolo. *Liryo*. Anino Comics. (Adarna House, Inc. Imprint), 2018. [KOMIKS]



likhaan 13 inside pages 102419.indd 288 10/25/2019 2:07:16 PM

Sinimulan bilang di-gradwadong tesis, ang *Liryo* ay hango sa mga tunay na salaysay na nakalap sa mga case study ni Paolo Magtira. Maikli man ang komiks ngunit may higit na malaking isyung tinatalakay. Tampok dito ang usapin sa droga, ang kampanya laban dito, gayundin ang epekto nito partikular sa mga maralitang tagalungsod.

Maiquez, Reagan. *Ilang Sandali . . . Makalipas ang Huling Araw ng Mundo: Mga Tula*. University of the Philippines Press, 2019. [TULA]

Pag-asa, pananalig, at pakikibaka, ilan lamang ito sa mga pinag-uusapan ni Maiquez sa kaniyang mga tula. Ang koleksiyong ito ay naghahatid ng mga salitang makapaghihimok sa mambabasang laging bumangon sa kabila ng mga pagsubok na ibinabato ng buhay.

Marasigan, Teo S. *Na Kung Saan: Kapirasong Kritika, Mahigit Isang Dekada*. University of the Philippines Press, 2018. [SANAYSAY]

Ang aklat na ito ay kalipunan ng mga natatanging kolum-entri ni Teo S. Marasigan na kaniyang naisulat sa loob ng mahigit sampung taon. Malawak ang saklaw ng mga paksa sa aklat na ito –mula kulturang popular, aktibismo, mga usaping pambansa, at iba pa.

Mendoza, Amado Anthony III G. *Aklat ng mga Naiwan*. Balangiga Press, 2018. [NOBELA]

Ang nobelang ito ang kauna-unahang aklat ni A. A. Mendoza III na bunga ng kaniyang di-gradwadong tesis. Sa pamamagitan ng hiwa-hiwalay na pagsasalaysay ng mga tauhan, at paghahango ng mga partikular na bahagi ng kasaysayan, higit na napahihintulutan ang pakikilahok ng mga mambabasa sa pagtatahi ng isa o higit pang naratibo.

**N**

Naval, Jimmuel. *Ang Tatay Kong Cochero at iba pang Kuwento*. University of the Philippines Press, 2019. [MAIKLING KUWENTO]

Una nang nailathala ang kuwentong "Ang Tatay Kong Cochero" sa *Likhaan 11* na kabilang sa pinakabagong aklat ni Jimmuel Naval. Makikita rito at sa iba pang kuwento sa koleksiyon ang husay ni Naval sa paggamit ng realismo sa pagsasalaysay.

Nello, David. *Si Guillermo at ang Tribu ng mga Zippoli*. Salin ni Emelina S. Almario. Adarna House Inc., 2019. [PANITIKANG PAMBATA]



likhaan 13 inside pages 102419.indd 289 10/25/2019 2:07:16 PM

Unang nakilala sa pamagat na *La Tribu de los Zippoli,* ang nobelang ito ay tungkol sa batang si Guillermo na naiiba sa kaniyang mga kapamilya sapagkat hindi niya hilig ang pagbabasa. Sa pamamagitan ng isang aklat, mababago ang buhay at pananaw ni Guillermo tungkol sa pagbabasa.

**O**

Ortiz, Will P. *Si Maria Makiling at ang Alamat ng Animas Anya: Ikalawang Aklat.* University of the Philippines Press, 2018. [NOBELA]

Bilang katuloy ng naunang nobelang *Ang Pagbabalik ni Maria Makiling,* sinusundan ng aklat na ito ang kuwento ni Aya at ang patuloy na paghahanap niya sa animas anya na makatatalo sa kampon ng kadiliman.

**P**

Pangilinan, Sharon B., tagapatnugot. *Ang Bayabas sa Tagaytay at iba pang Kuwento mula sa Kabataan ng Paaralang Lumad.* Sentro ng Wikang Filipino, 2019. [PANITIKANG PAMBATA]

Ang aklat na ito ay koleksiyon ng mga kuwentong nakasulat sa wikang Filipino at Bisaya. Produkto ang aklat na ito ng palihan sa panitikan ng mga mag-aaral sa paaralang lumad.

Pangilinan, Sharon B., tagapatnugot. *Pangiyak: Mga Kuwento at Panawagan ng mga Bayani ng Mindanao.* Sentro ng Wikang Filipino, 2019. [PANITIKANG PAMBATA]

Sa pagtutulungan ng Educators' Development Institute (EDI) at Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman (SWF-UPD), naging posible ang paglilimbag ng mga kuwentong isinulat mismo ng mga lumad sa Mindanao. Natatangi ang aklat na ito na maaaring magamit bilang sanggunian sa pagtuturo ng panitikan at kasaysayan ng mga lumad.

Piocos, Carlos III M. *Kung Ang Siyudad ay Pag-ibig.* University of the Philippines Press, 2019. [TULA]

Ito ang ikalawang aklat ng mga tula ni Carlos Piocos III. Kaiba sa nauna niyang koleksiyon, higit na tuon dito ni Piocos ang ugnayan ng pag-ibig at kasalanan, ng pusok at krimen.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 290 10/25/2019 2:07:16 PM

Popa, Allan. *Damagan*. University of Santo Tomas Publishing House, 2018. [TULA]

Sa koleksiyong ito ng mga tula ni Allan Popa, tinatangka nitong isalba ang mga alaala ng nakalipas. Bawat tula ay tila kinakalaban at kinakabaka ang pagdaluyong ng oras.

## R

Ramos, Ige. *Lasa ng Republika: Dila at Bandila*. Anvil Publishing, 2019. [SANAYSAY]

Ang aklat na ito ng pangkulinaryong historyador na si Ige Ramos ay kalipunan ng mga sanaysay na naglalahad ng kasaysayan ng mga natatanging pagkaing inihanda sa isang sesyon sa Kongreso ng Malolos noong 1898. May Ingles na bersiyon ang nasabing aklat na pinamagatan namang *Republic of Taste.*

Rodriguez, Rommel. *Maikling Walang Hanggan*. University of Santo Tomas Publishing House, 2019. [DAGLI]

Ito ang kauna-unahang kalipunan ng dagli ni Rommel Rodriguez. Binigyang-diin ni Rodriguez sa kaniyang aklat ang halaga ng dagli bilang anyo–na maaari din itong maging kasangkapan sa pagmumulat ng tao sa kaniyang kasaysayan.

## S

Sales, Dora. *Si Agni at ang Ulan*. Salin ni Alvin Ringgo C. Reyes, guhit ni Enrique Flores. Adarna House, Inc., 2019. [PANITIKANG PAMBATA, SALIN]

Orihinal na nakasulat sa wikang Espanyol, ang *Si Agni at ang Ulan (Agni y La Lluvia)* ay isinalin upang magsilbing tulay sa magkaibang kulturang nagkakalapit dahil sa magkakatulad na danas. Isinasalaysay nito ang karanasan ng 10 taong gulang na bata mula Bombay, India na maagang namulat sa kahirapan ngunit patuloy na nangangarap para sa isang mas magandang kinabukasan.

Samar, Edgar C. *Si Janus Silang at ang Hiwagang May Dalawang Mukha*. Adarna House, Inc., 2019. [NOBELA]

Ito ang ikaapat na aklat sa seryeng *Janus Silang*. Nakatuon ang nobela sa paglalakbay at paghahanap ni Janus sa mga nawawalang kaibigan. Sinasagot nito ang mga naiwang katanungan mula sa nakaraang aklat, ngunit higit na maraming iniiwang tanong para sa ikalima at huling aklat ng serye.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 291 10/25/2019 2:07:17 PM

San Agustin, Dionisio. *Ilang Sulyap sa Daigdig: Mga Tala at Aral sa Pagbisita sa America*. Pinamatnugutan ni Michael M. Coroza. University of Santo Tomas Publishing House, 2018. [SANAYSAY]

Ang aklat ay naglalaman ng mga obserbasyon ng peryodistang si Dionisio San Agustin sa kaniyang pagbisita sa Amerika. Dito, naitatampok ni San Agustin kung papaano nakalilikha ng pagkakakilanlan ang mga Pilipino sa ibang bayan, at kung papaanong lalong napaiigting ang pagmamahal sa bayan sa kabila ng pagkakalayo rito.

Sanchez, Louie Jon A. *Aralín at Siyasat: Mga Pagninilay Hinggil sa Tula*. University of Santo Tomas Publishing House, 2018. [KRITISISMO]

Sinisiyasat sa aklat ni Louie Jon Sanchez ang "problematikong" papel ng makata: Siya ba ay manunulat o kritiko? Siya ba ay pareho? Nilalaman ng aklat na ito ang mga sulatin tungkol sa tula na higit na kinikilala ni Sanchez bilang "pagninilay" sa halip na kritikal na sanaysay.

*Sauron: Testimonya ng mga Saksi sa Pagpatay sa Negros 14*. SAKA (Sama-samang Artista para sa Kilusang Agraryo), 2019. [KOMIKS]

Tampok sa antolohiyang ito ang limang isinalarawang salaysay ng mga saksi sa walang-habas na pagpatay sa mga magsasaka sa Negros. Hindi lamang nito layong maglantad ng katotohanan, kundi layunin din nitong manawagan ng pagkakaisa laban sa karahasang dulot ng pasismo at piyudalismo.

Sicat-Cleto, Luna, patnugot. *Pag-ahon: Mga Kuwentong Buhay ng Mga Nanay*. 8Letters Bookstore and Publishing, 2018. [SANAYSAY]

Nagwagi ang aklat na ito sa ika-37 National Book Awards para sa non-fiction na kategorya noong 2018. Hatid ng koleksiyong ito ang mga sanaysay na pumapaksa sa iba't ibang karanasan ng kababaihang nagtatampok din sa kanilang kalakasan sa kabila ng mga pagsubok.

**T**

Tinio, Rolando S. *Mga Tula 1965-1989*. Ateneo de Manila University Press, 2019. [TULA]



likhaan 13 inside pages 102419.indd 292 10/25/2019 2:07:17 PM

Komprehensibo ang aklat na ito na naglalaman ng mga tula sa Filipino na isinulat ni Tinio. Kabilang din dito ang mga salin at awit na makikita sa kaniyang nauna nang nailimbag na mga aklat.

Trampe, Fe Esperanza. *Ang Larong Nagwakas sa Atin.* Anvil Publishing, 2018. [NOBELA]

Ang young adult na nobelang ito ay tungkol kina Denis at Esther na kapwa pinagbubuklod ng buhay hay-iskul, pagkakaibigan, pangarap, at larong chess. Ang mga bagay na ito rin ang siyang magsisilbing dahilan ng maaaring pagwawakas ng kanilang samahan.

## V

Vera, Rody. *Tatlong Dula (na Itinanghal ng Dulaang UP).* University of the Philippines Press, 2018. [DULA]

Nabuo ang aklat na ito sa mahigit tatlong taong kolaborasyon ng mandudulang si Rody Vera at ng direktor na si Jose Estrella. Nilalaman nito ang tatlong dulang hango sa maiikling kuwentong "The Magic Circle" "Prisoner of Love," at "Peer Gynt." Nagwagi ang mga dulang kabilang sa koleksiyong ito sa Palanca Hall of Fame noong 2014.

## W

Wigley, John Jack G. *Hantong: Mga Kuwento*. University of Santo Tomas Publishing House, 2018. [MAIKLING KUWENTO]

Ito ang kauna-unahang maikling kuwento sa Filipino ni John Jack Wigley Naipamamalas niya sa kaniyang mga kuwento ang kakayahang ilahad sa maingat na paraan ang lalim at salimuot ng ano mang sitwasyon.